

268

Gabay ng Pamumuhay sa Kawasaki, ipamimigay

(川崎生活ガイド) 発行

Ang [Kawasaki Seikatsu Gaydo 2006・2007 Shimin Benri Techo] na punumpuno ng kapakipakinabang na impormasyon ukol sa pamumuhay ay gawa na sa wakas!

Sa giyang ito, nakalathala ang mga serbisyo ng Siyudad, mga pampublikong pasilidad, Mapa ng pangangalaga ng bata; sa panahon ng Kalamidad, pag-iingat laban sa Krimen, mga Ospital at listahan ng mga Klinika.

Mayroon ding bahagi ng aklat kung saan ipinapakilala ang mga sikat na produkto ng Kawasaki. Ang aklat na ito ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong muling matunghayan at makilala ang kapakipakinabang na impormasyon at kagandahan ng Kawasaki.

Ang Kawasaki Seikatsu Gaydo ay libreng ipamimigay sa mga munisipalidad, Civic Halls, Aklatan atbpa. Para sa iba pang detalye, tumawag sa Shimin City Sales, Kohoshitsu:044-200-2283.

Panahon na ng Pag-aplay sa Hoikuen

267

保育所の入所申し込み

Tumatanggap na ng aplikasyon ng mga papasok sa paalagaan ng mga bata para sa Abril ng taong 2007. Ang mga nakapag-aplay na para sa taong 2007 at pinaghihintay ng bakante ay pinadalhan na muli ng papeles sa pag-aplay. Para sa mga nagnanais na pumasok, mangyari po lamang na mag-aplay sa pinakamalapit na munisipyo, Hoken fukushi senta-, Chiku kenko Fukushi Station hanggang Enero 12, 2007. Sa detalyadong Impormasyon, makipag-ugnayan sa sumusunod:

Kawasaki	044-201-3287	Daishi	044-271-0150
Tajima	044-322-1984	Saiwai	044-556-6688
Nakahara	044-744-3263	Takatsu	044-861-3258
Miyamae	044-856-3259	Tama	044-935-3297
Asao	044-965-5158		


Pagbubukas ng Administrative Service Corner sa Noborito

登戸行政サービスコーナーの開設 268

Mula sa ika- 1 ng Disyembre, magbubukas na ang Administrative Service Corner ng Noborito. Sa nabanggit na lugar na ito, maaaring makakuha ng iba't-ibang sertipiko/papeles tulad ng Resident's Cert., Seal Registration Cert., Alien Registration Cert., atbp. sa oras ng umaga at gabi ng regyular na araw, maging sa araw ng Sabado at Linggo.

Bukod sa pagkakaroon ng kompyuter para sa pagse-search ng mga lugar sa loob ng Siyudad, may mga mapa ng pasyalan ng Tama ward at Asao ward dito sa Administrative Service Corner ng Noborito. Maaari ding mag-sauli ng mga bagay na nahiram sa mga Aklatan sa loob ng Siyudad.

Magbubukas ito sa mismong harapan ng istasyon ng Noborito ng JR. Mapapakinabangan ito sa oras ng 7:30 ng umaga hanggang 7:00 ng gabi mula Lunes hanggang Biyernes, 9:00 ~ 5:00 ng Sabado at 9:00 ~ 1 : 00 ng Hapon. Tel: Shimin Kyoku Seikatsu ka: 044-200-2260.



Lutong Pinoy




Nais mo bang sumali sa pananghaliang gaganapin sa Takatsu Shiminkan ng Nocty?
O anyayahan mo ang iyong kaibigang Hapon upang matutong magluto at makatikim ng luto natin at mag-enjoy sa pagpapakilala ng ating Kultura.

Mga detalye: Nobyembre 18, 2006 (Sabado) Alas 11:00 hanggang alas 2:30 ng hapon
Takatsu Shiminkan Nocty 11F pang 30 katao lamang
Pagsali : Telepono o Fax mula Oktubre 25,2006(First come first served)
1,500yen/tao ang bayad ay sa mismong araw.
Menu: Adobong Baboy at Manok, Tinola at Fruit Salad.

Tumawag o mag-Fax sa : Kawasaki International Association
Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010

Magkita-kita na lang tayo doon!(0 0) (^ ^)



May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Miyerkoles

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan

Magsisimula na ang Sangay ng Sanggunian para sa mga residenteng dayuhan nitong Oktubre ng ika-una at ikatlong itinakdang araw ng buwan. Ang iskedyul ay ang mga sumusunod:

Asao Ward Office

Kawasaki Ward Office

Wika	Araw	Oras	*	Wika	Araw	Oras
Intsik	Martes	9:30-12:00	*	Intsik	Martes	14:00-16:30
Tagalog	Miyerkoles	14:00-16:30	*	Tagalog	Miyerkoles	9:30-12:00
Ingles	Huwebes	9:30-12:00	*	Ingles	Huwebes	14:00-16:30

Samantalang patuloy pa ring mapapakinabangan ang libreng konsultasyon para sa mga residenteng dayuhan sa Kawasaki International Center:044-435-7000.



Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:http://www.kian.or.jp/